

Higit na Makapangyarihan si Jesus sa Unos

A Lord's Flock General Assembly Topic

By: Sis. Mik R. Flores, TLF Executive Head Servant
November 07, 2020

Tulad ng unos na sumalanta kamakailan lamang dito sa ating bansa, nakaranas tayo ng mga pagsubok na di natin kayang mapigilan at dumating ito sa oras na di natin inaasahan. Napipilitan tayong magtiwala sa ating sariling kakayahan at katalinuhan tuwing sasapit ang mga ganitong pagkakataon. Ngunit, ang pinakamagandang gawin sa oras ng kagipitan ay magtiwala lamang sa Diyos at sundin ang kung ano ang Kanyang ginawa noong nasa gitna sila ng unos (Mt. 8:23-27).

Ano ang ginawa ni Jesus sa gitna ng unos?

1. Natulog si Jesus.

1.1 Mahimbing na natutulog si Jesus sa gitna ng unos, dahil alam Niyang may Ama Siyang namamahala sa lahat ng bagay. Maaari lamang tayong matulog nang mahimbing sa gitna ng unos kung ganap ang ating tiwala sa Diyos. Siya ang namahala sa 2000-taon na unos. Magpahanggang ngayon ay Siya pa rin ang namamahala sa mga unos ng buhay natin.

2. Nagtanong si Jesus ng *Obvious* na Tanong.

2.1 Natakot tayo sa naranasang sobrang lakas ng hangin. Subalit, kitang kita natin na higit na makapangyarihan si Jesus kaysa sa unos. "Mamumuhay ako ayon sa pananalig sa Diyos, hindi sa mga bagay na nakikita" (2Cor5:7).

2.2 Takot tayo sa mga dahilang kitang-kita, ngunit huwag tayong matakot, dahil sabi ni San Pablo sa 2 Tim 1:7, "Sapagkat hindi espiritu ng kaduwagan ang ibinigay sa atin ng Diyos kundi espiritu ng kapangyarihan, pag-ibig at pagpigil sa sarili."

2.3 Alalahanin na Siya ang Panginoong ng lahat, pati ang ating unos. (Awit 24)

3. Kinausap ni Jesus ang Unos.

3.1 Noong sinaway ni Jesus ang hangin at ang dagat, tumahimik ang lahat. Ganito rin ang mangyayari sa atin. Hindi man hihinto ang unos natin, dahil kalakbay natin si Jesus, makararamdam tayo ng ganap na kapayapaan.

3.2 Pagnilayan ang mga salita ng Diyos. Walang kapangyarihan ang ating mga salita sa nararanasan nating unos, ngunit may kapangyarihan ang Kanyang mga salita sa ating unos.

Konklusyon:

Akala ng mga alagad kilalang kilala na nila si Jesus, ngunit sa nararanasan nilang unos, ibang Jesus ang nakita nila. Ganito rin ang mararamdaman natin kung tayo'y nasa gitna ng unos. Kung nakarating tayong maluwalhati sa dulo ng bawat mahirap na sitwasyon na hindi tayo sumusuko, mas higit pa ang pagkakakilala natin kay Jesus. Sa bawat unos ay naipapahayag ang katauhan ni Jesus.

Pagninilay

1. Gaano mo kakilala si Jesus?
2. Gaano mo pinagkakatiwalaan si Jesus?

Isinalin ni: Sis. Nida Cruz

Na-edit at inaprobahan ni: Sis. Vera I. Tuplano

For more teachings, visit our website:

<https://lordsflock.org/teachings/readingmaterials>